

## **BAXTER GLOBAL SCHOLARSHIP PROGRAM - Impormasyon at Mga Alituntunin ng Program**

[may bisa simula 01/01/2025]

Ang Baxter International Foundation (Foundation) ay bumuo ng merit-based na programang scholarship para tulugan ang mga anak ng mga kwalipikadong empleyado ng Baxter gustong ipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa kolehiyo o mga vocational na programa sa paaralan. Iniaalok ang mga nare-renew na \$3,000 USD na scholarship para sa full-time na study sa isang accredited na institusyon na pinipili ng mag-aaral.

Ang programa ay pinapangasiwaan ng Scholarship America, ang pinakamalaking tagadiseno at tagapamahala ng bansa sa mga scholarship, tulong sa matrikula, at iba pang programa sa edukasyon para sa mga korporasyon, foundation, asosasyon, at indibidwal. Nagbibigay ng mga award nang hindi isinasaalang-alang ang lahi, kulay, paniniwala, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kasarian, kapansanan, o bansang pinagmulan.

### **Pagiging Kwalipikado**

Kinakailangan ang full-time na pag-aaral para maging kwalipikado para sa Scholarship Program. Tumutukoy ang full-time na pag-aaral sa full-time na pag-enroll para sa buong paparating na pang-akademikong taon. Ang mga mag-aaral na pumapasok sa isang U.S. military academy ay kwalipikadong mag-apply para sa isang beses na award sa scholarship.

Ang mga aplikante sa Scholarship Program ay dapat (para sa mga bagong aplikasyon):

- 24 na taong gulang o mas bata. Ang mga mag-aaral mula sa Israel ay kwalipikadong mag-apply sa scholarship hanggang sa 28 taong gulang.
- Ang dependent at hindi kasal na anak ng isang regular na full-time o regular na part-time na empleyado ng Baxter na nasa antas ng Senior Director pababa.
  - Tumutukoy ang mga dependent na anak bilang:
    - Natural at legal na na-adopt o legal na ward ng isang empleyado, o
    - Stepchild ng isang empleyado, na ang asawa ay may legal na kustodiya (kasama ang pinaghahatiang kustodiya) o pangunahing pinansyal na suporta, o
    - Stepchild ng isang domestic partner na may legal na kustodiya (kasama ang pinaghahatiang kustodiya) o pangunahing pinansyal na suporta, o
- Ang magulang ng aplikante ay dapat nagtatrabaho sa Baxter at nakakumpleto ng hindi bababa sa dalawang (2) taon ng full-time o regular na part-time na serbisyo, ayon sa tinutukoy ng Baxter, bilang isang empleyado sa panahon ng pagwawakas ng panahon ng aplikasyon.
- Isang nagtapos ng secondary school/high school senior, secondary school/high school, o kasalukuyang undergraduate na nagpaplanong mag-enroll o naka-enroll na sa full-time at undergraduate na pag-aaral sa isang accredited na dalawang taon o apat na taong kolehiyo, unibersidad, o vocational-technical na paaralan para sa buong paparating na pang-akademikong taon. Hindi available ang scholarship para sa mga graduate education program.
- Hindi kwalipikadong mag-apply ang mga anak ng mga retiradong empleyado.

- Hindi kwalipikadong mag-apply ang mga anak ng mga Vice President pataas.
- Hindi kwalipikadong mag-apply ang mga anak ng mga contingent na manggagawa, tagapayo, contract labor, o pansamantalang empleyado.

### Mga Award

Kung mapipili bilang tatanggap, makakatanggap ang mag-aaral ng **\$3,000 USD na scholarship** na maaaring i-renew sa loob ng hanggang tatlong karagdang taon o kapag nagtapos na siya (alinman ang mauna), kung matutugunan ang mga kinakailangan sa GPA at pagiging kwalipikado. Dapat kumpletuhin ng mga interesadong mag-aaral ang [online na aplikasyon](#) bago ang deadline ngayong taon. HUWAG magpadala ng anumang dokumentasyon sa Foundation. Ang lahat ng hinihiling na materyal ay dapat ibigay sa Scholarship America Inc.

Responsable ang mga aplikante para sa pagkalap at pagsusumite ng lahat ng kinakailangang impormasyon. Sinusuri ang mga aplikasyon batay sa ibinigay na impormasyon; samakatuwid, sagutin ang lahat ng tanong nang kumpleto, hangga't posible. Hindi susuriin ang mga hindi kumpletong aplikasyon. Ang mga hindi makakatanggap ay maaaring mag-apply ulit kada taon, kung matutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng programa.

Ang lahat matatanggap na impormasyon ay ituturing na kumpidensyal at sinusuri LANG ng Scholarship America, maliban sa ibinigay na mga halaga ng award at impormasyon ng empleyado, na ginagamit para i-verify ang pagtatrabaho ng magulang at internal na ianunsyo ang mga award.

Ang mga award (na ibinigay sa USD (U.S. dollars) ay para sa undergraduate na pag-aaral at maaaring gamitin para sa mga kwalipikadong gastusing nauugnay sa edukasyon:

- Matrikula
- Mga bayarin sa paaralan
- Mga aklat sa paaralan
- Mga kinakailangang supply sa paaralan

Isang pagpapaantala kada tatanggap ang pinapayagan, at hindi maaaring lumampas nang dalawang taon ang haba ng pagpapaantala.

Ipinoproseso ng Scholarship America ang mga pagbabayad sa scholarship sa ngalan ng Foundation. Para sa mga mag-aaral sa U.S., Canada at Puerto Rico, ibinibigay ng Scholarship America ang mga gawad sa pamamagitan ng tseke, na dapat ibayad sa paaralan at ipinapadala sa address ng tirahan ng bawat tatanggap. Ang mga gawad ay ipinapadala sa pamamagitan ng wire transfer sa lahat ng tatanggap ng scholarship sa ibang bansa kapag natanggap na ng Scholarship ang katibayan ng pag-enroll at ang wire form.

### Pagpili ng Mga Tatanggap ng Scholarship

Hindi lumalahok ang Foundation sa proseso ng pagpili. Ang Scholarship America lang ang pumipili ng mga tatanggap batay sa:

- Akademikong grado
- Ipinakitang leadership at pagkakaugnay sa mga aktibidad paaralan at komunidad

- Mga Karangalan
- Pahayag sa mga layunin at mithiin.
- Isinasaalang-alang din ang natatanging personal o pampamilyang sitwasyon.

Hindi isinasaalang-alang ang pangangailangang pinansyal.

Alinsunod sa mga regulasyon ng IRS para sa mga pangkumpanyang programa sa scholarship, **ang nangungunang 25% ng mga kwalipikadong aplikante lang ang pipiliin bilang mga tatanggap.** Hindi kailanman nagkakaroon ng papel sa proseso ng pagpili ang sinumang opisyal o empleyado ng Baxter o Foundation. Sumasang-ayon ang lahat ng aplikante na tanggapin ang pasya ng Scholarship America bilang pinal.

Kapag natanggap ang mga kwalipikadong aplikasyon, ibibigay ang mga award nang naaayon sa dami ng aplikasyon natanggap sa bawat bansa.

### **Pag-abiso**

Aabisuhan ang mga aplikante tungkol sa status ng kanilang pagsusumite sa kalagitnaan ng Hulyo sa pamamagitan ng email address na ibinigay sa kanilang aplikasyon. Kung magbabago ang email address na iyon, makipag-ugnayan kaagad sa Scholarship America at magbigay ng updated na email.

Hindi lahat ng aplikante sa programa ay mapipili bilang mga tatanggap. Ang mga mag-aaral ay maaaring mag-apply ulit sa programa kada taon, kung matutugunan nila ang mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado. Inaatasan ang mga tatanggap ng scholarship na tanggapin ang scholarship at i-verify ang kanilang pag-enroll.

### **Mga Kinakailangang Dokumento**

Bilang bahagi ng iyong aplikasyon, kakailanganin mong i-upload ang mga sumusunod na dokumento:

- Kumpleto at kasalukuyang transcript. Hindi tinatanggap ang mga grade report. Dapat nakalista sa transcript ang listahan ng pangalan ng mag-aaral, pangalan ng paaralan, mga grado, at oras na credit para sa bawat kurso, at ang termino kung kailan kinuha ang bawat kurso.

**TANDAAN:** Kung magbibigay ka ng mga marka sa SAT o ACT, at hindi nakalista ang mga markang ito sa iyong transcript sa high school, kakailanganin mong hiwalay na mag-upload ng opisyal na kopya ng mga marka. Kung nag-a-upload ka ng transcript sa kolehiyo, hindi na kailangan ang mga markang iyon.

- Mga Mag-aaral na Wala sa US: Dahil sa mga pagkakaiba sa mga sistema ng edukasyon, dapat ibigay ng mga aplikante mula sa mga bansa sa labas ng US at Canada ang mga sumusunod na dokumento:
  - Pagsasalin sa English ng lahat ng dokumentong wala sa English
  - Mga nababasang photocopy ng mga sumusunod na edukasyonal na materyal mula sa nakalipas na apat na taon:

- Akademikong transcript
- Diploma/mga kredensyal sa high school, kung nakuha, at
- Akademikong marka ng pagsusulit

Hindi ituturing na kumpleto ang iyong aplikasyon hangga't hindi naisusumite sa elektronikong paraan ang lahat ng kinakailangang dokumento bago ang deadline ng programa.

### **Mga Obligasyon**

Walang obligasyon ang mga tatanggap ng scholarship sa Baxter o sa Foundation. Gayunpaman, inatasan sila na magbigay sa Scholarship America ng mga kumpletong transcript kapag hiniling at abisuhan ang Scholarship America tungkol sa anumang pagbabago sa address ng bahay, email address, pag-enrol sa paaralan, o iba pang nauugnay na impormasyon.

### **Mga Rebisyon**

Nakareserba sa Foundation ang karapatan para suriin ang mga kundisyon at pamamaraan ng Scholarship Program na ito at gumawa ng mga pagbabago anumang oras, kasama ang pagwawajas ng programa.

### **Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan**

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon, makipag-ugnayan sa Scholarship America sa [thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org](mailto:thebaxterfoundation@scholarshipamerica.org) o nang toll-free sa +01-507-931-8370 at magtanong tungkol sa Baxter Global Scholarship Program.